

PRESS RELEASE

Hulyo 17, 2020

Contact: City of Long Beach Joint Information Center, 562.570.NEWS,
jic@longbeach.gov

Para sa Agad na Pag-labas

Susulong ang Pagsasagawa ng Reconciliation Framework (Balangkas ng Rekonsilyasyon)

Long Beach, CA - Mahigit na 800 katao ang sumali sa 15 na listening session at mga community town halls na umabot sa mahigit na 30 oras, na inihanda ng City of Long Beach, bilang parte ng pag-papaunlad ng Reconciliation Framework. Sa pagtanggap ng mga umiiral na ipact ng rasismo sa Long Beach at ng bansa, ang inisyatibo ay makapagbibigay ng balangkas para makilahok ang publiko sa isang proseso ng rekonsilyasyon, pagsusuri ng ng internal na proseso at plano ng aksyong lokal.

Sinula noong June 12, naimibita rin ang komunidad na magbigay pa ng katugunan para makatulong sa pagbuo ng balangkas sa pamamagitan ng [community survey](#). Sa ngayon, mahigit 280 na katao ang sumagot sa survey, na bukas hanggang 5 p.m. Lunes, Hulyo 20, 2020. Hinihikayat din ang publiko na magtanong at mag-alay ng karagdagang mga ideya at mga rekomendasyon sa pag-email sa EquityLB@longbeach.gov.

“Ito ay momento sa ating lungsod at sa kasaysayan ng ating bansa na humihingi ng rekognisyon na ang rasismong sistemiko ay nagkaroon ng impact sa ating mga komunidad na may kulay.” ani Mayor Robert Garcia. “Ako at ang ating City Council, kasama ang ating City Manager, ay aming ginawang priyoridad ang equity at racial justice, at aming tutuparin itong pangakong ito.”

Ang [Office of Equity](#)— na itinaguyod ng Long Beach Department of Health and Human Services noong 2017 - ay alam ang matinding pangangailangan na ipares ang pagdinig ng feedback ng komunidad kasama ang pagbago at pagsasaayos ng kulturang institusyonal, na naghahatid ng mga diyalogong internal tungkol sa rasa kasama ang Long Beach City Staff para malaman ang pagtaguyod o ang paghulma ng mga sistemang sumasalamin sa mabuting kapakanan ng lahat ng miyembro ng ating komunidad.

“Importante na ang mga namumuno ay talagang nakikinig at pinakikinggan ang mga karanasan ng racial injustice at mga rekomendasyon kung paano matalakay ang mga pabalik balik na epekto sa gobyerno, sistemang ekonomiko at sosyal na kinagisnan na hindi isali ang mga itim at mga Katutubong tao at mga taong may kulay sa Long Beach,” ika nga ng City Manager na si Tom Modica. “Ang hinagpis na ating nakikita

mula sa ating komunidad ay totoo at kailangan marininig at matalakay sa pamamagitan ng tamang aksyon.”

Ang City ay makikpag tambalan kay Dr. Amber Johnson ng California State University, Long Beach, para ma-analyze ang impormasyon na nakolekta sa sa mga listening sessions at mga town halls. Si Dr. Johnson ay Assistant Professor sa Department of Health Science at may malawak na karanasan sa pag-research ng racial health inequities sa buong buhay. Ang mga pagkabahala at mga stratehiya na inihanda ng mga sumali ay magbibigay impormasyon sa pinakahuling patakaran, mga budgetary at programmatic na mga rekomendasyon.

Noong Hunyo 23, 2020, kinilala ng Long Beach City council na ang racism ay isang [public health crisis](#) at nagpatibay ng Framework for Reconciliation, (Balangkas ng Rekonsilyasyon), naglalaman ng mga sumusunod na hakbang:

- [Pagtanggap](#) nang umiiral at mga matagal ng impacts ng systemic racism sa Long Beach, at lalong lalo na ang rasismo kontra sa mga Itim.
- Pagdinig sa mga miyembro ng komunidad sa pagsabi ng kanilang mga karanasan sa mga di pantay pantay na trato at mga danyos na sanhi ng racial injustice.
- Pagpupulong ng mga stakeholders ng masuri ang mga feedback mula sa mga listening process at mga budgetary, charter at mga programmatic reform ideas.
- Pagsisimula ng mga aksyon sa pagpresenta ng mabilisan, panandalian, kainamang haba at pangmatagalang rekomendasyon na ikokonsidera ng City Council.

Sa simula pa ng aksyon ng City Council ang Office of Equity at ang pamumuno ng City ay nagsimula ng apat na hakbang ng framework: pagtanggap at pagdinig. Patuloy ang pagtatrabaho ng City sa pagtitipon ng stakeholders at ang pagbuo ng mga rekomendasyon para sa konsiderasyon ng City Council sa Agosto.

Tungkol Sa City Of Long Beach

May halos 470,000 katao ang nakatira dito, ang City of Long Beach ang nagtamo ng mga premyo at innovative, ay nagaalok ng mga world-class amenities na malaking lungsod habang mayroon itong matatag na sentido ng indibidwal at diverse na mga lugar na nakahanay sa baybayin ng California. Bilang isang full-service charter na lungsod, nasa Long Beach ang Queen Mary, Aquarium of the Pacific, ilang mga museo at mga teatro, isang mataas na uri ng distrito ng eskwelahan, ang Long Beach Airport at ang Port of Long Beach. Mayroon din itong kagalang-galang na unibersidad at city college, dalawang historic ranches, limang hospital, limang golf course, 171 parks, milya-milyang beaches at mga daanan ng bisikleta. Para sa karagdagang impormasyon

bumisita sa t <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media para sa mga bagong balita.: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

###